Australian Government
Department of Home Affairs

# Ang mga protection visa ay para sa tunay na mga asylum seeker

Katulad ng ibang mga bansa, ang Australya ay mayroong mga visa na nag-aalok ng proteksyon para sa mga asylum seeker.

Ang Protection visa (subclass 866) ay nagpapahintulot sa isang tao na tumira nang permanente sa Australya dahil tunay na nanganganib na mapinsala nang matindi o nanganganib na hindi makatarungang mausig sa kaniyang bansang pinagmulan. Ang Protection visa ay hindi para sa mga taong nais lamang manatili nang matagal sa Australya para magtrabaho.

Hindi ka maaaring mag-aplay para sa isang Protection visa kung ikaw ay nasa labas ng Australya. Dapat kang nakarating sa Australya na hawak ay isang balidong visa at pinapasok ng imigrasyon pagdating sa Australya.

Malaking mga pagbabago ang ginawa sa proseso ng pag-aplay sa Protection visa upang mapabilis ang panahon ng pagproseso. Karamihan ng bagong mga aplikasyon ngayon ay dinedesisyunan nang 8 beses na mas mabilis kumpara noong mga nakaraang taon. Ibig sabihin nito ay mas mabilis na mapagkakalooban ng Protection visa ang mga may pangangailangan at mabilis na matatanggihan ang mga nag-aplay para sa Protection visa para lang magtrabaho o palawigin ang kanilang pananatili sa Australya.

Huwag mag-aplay para sa Protection visa kung hindi mo kailangan ng asilo sa Australya. Mabilis naming tinatanggihan ang mga aplikante na hindi nakakatugon sa pamantayan ng Protection visa.

Kung ikaw ay nag-iisip mag-aplay para sa Protection visa (subclass 866), mahigpit ka naming hinihikayat na kumuha ng **libreng tulong na ligal** mula sa isang espesyalistang ligal na tagapagbigay ng payo tungkol sa refugee at imigrasyon.


- Mabilis na pagproseso ng visa
- Ang proteksyon ay para sa mga asylum seeker
- Libreng tulong na ligal
- Ang mga responsibilidad mo
- Mga paghihigpit sa paglalakbay
- Humingi ng tamang payo
- Mag-ingat sa mga iligal na operator
- Kung tinanggihan kang bigyan ng Protection visa
- Kapag nanatili ka sa Australya nang walang balidong visa
- Ibang mga pagpipiliang visa
- Tulong sa isang mapapasóng visa
- Tulong sa iyong aplikasyon para sa visa

# Mabilis na pagproseso ng visa

Sa ilalim ng mga pagbabagong ipinakilala ng gobyerno, karamihan sa mga bagong aplikasyon para sa Protection visa (subclass 866) ay dinedesiyunan ngayon nang 8 beses na mas mabilis kumpara noong mga nakaraang taon.

Kung hindi mo kailangan ng proteksyon sa Australya, o hindi ka nakakatugon sa pamantayan ng Protection visa, ang iyong aplikasyon ay mabilis na tatanggihan.

Maaaring mayroong ibang visa na mas angkop sa iyong kalagayan. Upang mahanap ang tamang visa para sa iyo, alamin ang iyong mga opsyon.

# Ang proteksyon ay para sa mga asylum seeker

Ang mga protection visa ay para sa mga taong (o miyembro ng kaniyang pamilya) nahaharap sa totoong panganib na pinsala kung siya ay babalik sa kaniyang bansa o tunay na tsansang mausig batay sa kanilang:

- lahi
- relihiyon
- nasyonalidad
- kasapi sa isang partikular na grupong panlipunan
- opinyong pulitikal.

Para mag-aplay sa Protection visa, dapat nasa Australya ka na may balidong visa at pinapasok ka ng imigrasyon pagdating sa Australya.

Huwag mag-aplay para sa isang Protection visa bilang paraan upang mapalawig ang iyong pananatili sa Australya para makakuha ng siguradong binabayarang trabaho.

Mas malaki ang bilang ng mga hindi nagtagumpay na aplikasyon para sa Protection visa kaysa sa mga nagtagumpay. Mahigit na 85% ng mga aplikasyon ay tinatanggihan, dahil hindi nila natutugunan ang mga kinakailangan para sa visa. Ang mga aplikasyon mula sa ilang mga nasyonalidad ay may bilang ng pagtanggi na malapit sa 100%.

Kung ang iyong aplikasyon sa Protection visa ay tinanggihan, at wala kang balidong visa, maaari kang makulong at mapaalis sa Australya.

Ang Protection visa na tinanggihan ay habambuhay na mananatili sa iyong rekord sa imigrasyon. Maaaring mas mahirapan na kayo ng iyong pamilya na bumisita sa Australya sa hinaharap at maaaring makaapekto sa mga visa application mo sa ibang bansa, depende sa visa na inaplayan mo.

Kung mag-aaplay ka para sa isang Protection visa, ikaw ay humihingi ng asilo sa Australya mula sa iyong bansang pinagmulan.

Kung ikaw ay nag-aaplay para sa Protection visa, idinedeklara mo na: isa o pareho nitong mga sumusunod ay totoo:

- hindi ka makababalik sa iyong pinagmulan nang hindi humaharap sa totoong panganib ng malaking pinsala o pag-uusig; o
- ikaw ay miyembro ng pamilya ng isang taong gumawa ng mga nasabing pahayag.

Kung ikaw ay makakapasok nang ligal at makapamumuhay nang ligtas sa ibang bansa (maliban sa iyong bansang pinagmulan), hindi ka makakakuha ng Protection visa.

Dapat kang mag-aplay lamang para sa Protection visa kung ikaw ay **nangangailangan ng asilo** sa Australya.

Basahin pa ang tungkol sa mga obligasyon sa proteksyon ng Australya.

# Libreng tulong na ligal

Kung ikaw ay nag-iisip mag-aplay para sa Protection visa (subclass 866), mahigpit ka naming hinihikayat na kumuha ng libreng tulong na ligal mula sa isang espesyalistang ligal na tagapagbigay ng payo tungkol sa refugee at imigrasyon sa iyong estado o teritoryo bago ka mag-aplay.

Listahan ng mga ligal na tagapagbigay (legal providers) sa iyong estado o teritoryo

| Estado o Teritoryo | Pangalan | Website |
|---|---|---|
| Australian Capital Territory | Legal Aid ACT | www.legalaidact.org.au |
| New South Wales | Refugee Advice and Casework Service | www.racs.org.au |
| Northern Territory | Refugee Legal | www.refugeelegal.org.au |
| Queensland | Refugee and Immigration Legal Service | www.rails.org.au |
| South Australia | Legal Services Commission of SA | www.lsc.sa.gov.au |
| Tasmania | Tasmanian Refugee Legal Service | www.trls.org.au |
| Victoria | Refugee Legal | www.refugeelegal.org.au |
| Western Australia | Circle Green Community Legal | www.circlegreen.org.au |

Matutulungan ka ng mga tagapagbigay (providers) na ito na:

- alamin kung ikaw ay marapat para sa Protection visa o iba pang mas angkop na visa
- alamin ang proseso ng aplikasyon
- alamin ang mga implikasyon ng tinanggihang Protection visa
- kumpletuhin at isumite ang aplikasyon para sa Protection visa kung kinakailangan.

Maaari ka ring kumuha ng libreng tulong na ligal mula sa isang legal aid o isang community legal centre sa iyong estado o teritoryo.

# Ang mga responsibilidad mo

Kapag magsusumite ng aplikasyon para sa Protection visa, responsibilidad mong siguruhin na lahat ng impormasyong ibinigay mo ay totoo at tama, kahit na ibang tao ang nagkumpleto at nagsumite ng aplikasyon para sa iyo.

Hindi mo dapat hayaan ang sinuman na mag-aplay ng Protection visa para sa iyo nang hindi mo nauunawaan kung ano ang inaaplayan at anong mga impormasyon ang inilagay sa aplikasyon.

Ang mga komunidad na naninirahan sa Australya ay mayroong importanteng papel na gagampanan sa pagpigil ng pagkalat ng maling impormasyon sa mga taong nagbabalak mag-aplay para sa Protection visa. Kabilang dito ang pagkakalat ng kamalayan tungkol sa mga panganib ng pagsumite ng mali o mapanlinlang na impormasyon at pagkuha ng hindi rehistradong migration adviser.

Mayroong mga seryosong kahihinatnan ang pagbibigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon sa aplikasyon para sa Protection visa, kabilang ang malalaking multa, posibleng pagkakakulong ng hanggang 10 taon, o pareho. Magiging mas mahirap din para sa iyo at sa ibang miyembro ng iyong pamilya na

makabalik pa sa Australya, kahit na bilang bisita, estudyante, o pansamantalang work visa gaya ng PALM scheme visa.

Kung ang isang tao na nag-aaplay para sa Protection visa ay humiling sa iyo na sumulat ng isang support letter para sa kaniya, dapat mo lang gawin ito kung naniniwala ka na siya ay humaharap sa panganib ng malaking pinsala o pag-uusig kung babalik siya sa bansang pinagmulan. Hikayatin siya na kumuha ng libreng tulong na ligal mula sa isang espesyalistang ligal na tagapagbigay ng payo sa refugee at imigrasyon sa iyong estado at teritoryo.

# Mga paghihigpit sa paglalakbay

Kapag ikaw ay nag-aaplay para sa Protection visa, maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon kung maglalakbay ka patungo sa bansa kung saan ka humihingi ng proteksyon mula sa Australya, kahit na nakatira roon ang iyong pamilya.

Kapag ikaw ay pinagkalooban ng Protection visa, hindi ka maaaring maglakbay papunta sa bansa kung saan humihingi ka ng asilo nang walang permiso mula sa Gobyerno ng Australya, kahit na nakatira roon ang iyong pamilya.

# Humingi ng tamang payo

Ang payo sa pag-aaplay para sa Protection visa ay dapat lamang hingin mula sa mga registered migration agent at Australian legal practitioner. Maaari ka ring humingi ng pangkalahatang immigration assistance mula sa isang taong independyente (exempt person).

Ang exempt person ay yaong hindi rehistradong migration agent o ligal na propesyonal at siya:

- ang iyong nominador o isponsor
- ang iyong malapit na miyembro ng pamilya
- isang parlyamentaryo
- isang miyembro ng isang misyong diplomatiko
- isang miyembro ng isang konsulado
- isang miyembro ng isang organisasyong internasyunal.

Ang isang taong hindi rehistradong migration agent o hindi ligal na propesyonal ay **hindi dapat sumingil sa iyo** ng kabayaran para sa kanilang tulong. Iligal para sa isang exempt person na sumingil ng bayad.

Maaari mong alamin kung ang isang tao ay isang migration agent sa pamamagitan ng pag-search sa online register ng Office of the Migration Agents Registration Authority (OMARA) website, o alamin pa ang paghingi ng tulong mula sa isang abogado sa Australya.

Magbasa pa tungkol sa sino ang pinapayagang tumulong sa iyo sa iyong aplikasyon para sa visa sa Australya.

Alamin ang mga hakbang sa pagpili ng rehistradong migration agent.

Hindi mo dapat hayaan ang sinuman na mag-aplay ng Protection visa para sa iyo nang hindi mo nauunawaan kung ano ang inaaplayan at anong mga impormasyon ang inilagay sa aplikasyon. Siguruhin mong lahat ng nakasaad sa iyong aplikasyon ay totoo, kahit na ibang tao ang nagkumpleto at nagsumite nito para sa iyo.

# Mag-ingat sa mga iligal na operator

Hindi ligal para sa isang tao ang sumingil para sa payong pang-imigrasyon maliban kung siya ay isang registered migration agent o Australian legal practitioner. Nanganganib kang tumanggap ng maling payo

kung gagamit ka ng isang taong hindi registered migration agent o Australian lawyer na maglalagay sa panganib sa tsansa mong manatili sa Australya.

Ang mga iligal na operator ay karaniwang inaanunsiyo ang kanilang mga serbisyo sa social media at sa mga online chat group. Kung minsan sinasabi nila sa mga aplikante na magbigay ng mga mali at mapanlinlang na impormasyon o magbigay ng mga maling dokumento kapag nag-aaplay para sa Protection visa, at ang iba ay sumisingil ng mahal para sa maling payo.

Kung ang isang tao ay magtangkang bigyan ka ng iligal na tulong sa imigrasyon, maaari mong sabihin sa amin sa pamamagitan ng paggamit sa Border Watch Online Report. Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan.

# Kung tinanggihan kang bigyan ng Protection visa

Kung ang iyong aplikasyon para sa Protection visa ay tinanggihan:

- kailangan mong umalis sa Australya kung wala kang balidong visa
- ikaw at ang iyong pamilya ay mas mahihirapang bumisita sa Australya sa hinaharap
- ang pagtanggi sa iyo ay mananatili sa iyong rekord sa imigrasyon nang habang-buhay
- maaari itong makaapekto sa mga visa application mo sa ibang bansa sa labas ng Australya, depende sa uri ng visa na inaaplayan mo.

# Kapag nanatili ka sa Australya nang walang balidong visa

Dinedetine ng Gobyerno ng Australya at pinaaalis ang mga tinanggihang aplikante sa Protection visa na wala nang karapatang manatili sa Australya. Ang mga ganitong aktibidad na pagpapatupad ay nakatutulong na panatilihin ang integridad ng sistema ng imigrasyon sa Australya.

Kung ikaw ay nadetine at inalis mula sa Australya pagkaraang tanggihan ang iyong Protection visa, maaaring pagbayarin ka sa mga nagastos sa pagpapaalis sa iyo. Maaaring magkahalaga ito ng libo-libong dolyar.

# Ibang mga pagpipiliang visa

Maaaring mayroong ibang visa na mas angkop sa iyong kalagayan.

Ipang mahanap ang tamang visa para sa iyo, Alamin ang iyong mga opsyon.

# Tulong sa isang mapapasóng visa

Para malaman kung ang iyong visa ay mapapasó na o napasó na, punan ng iyong mga detalye ang Visa Entitlement Verification Online (VEVO).

Ang aming Status Resolution Service (SRS) ay makatutulong sa iyo kung kailangan mo ng tulong sa paglutas ng iyong mga usaping pang-imigrasyon. Ang mga opisyal ng SRS ay maaaring:

- tumugon sa mga hadlang na pipigil sa paglutas ng kaso
- magbigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa mga landas sa imigrasyon o mga opsyon sa pag-alis
- magbigay ng mga bridging visa sa mga karapat-dapat na taong kasalukuyang iligal.

Alamin ang higit pa sa Status Resolution Service.

# Tulong sa iyong aplikasyon para sa visa

Ikaw ay lubos na hinihikayat na humanap ng libreng ligal na payo mula sa mga espesyalistang ligal na tagapagbigay ng payo sa refugee at imigrasyon para malaman kung ikaw ay marapat para sa Protection visa.